

## Aralin 2 – Laban ni Pacquiao, Laban ng Pilipinas

*“Sige, sa kanan... sa kaliwa... isa pa... bagsak na!!!”* Ito ang sigawan na maririnig mo sa buong sambayanan. Muli, si Manny *“Pacman”* Pacquiao ang siyang nagwagi sa larangan ng boksing.

Sa tuwing may laban si Manny aking inaabangan ang pag-awit ng *“Lupang Hinirang”*. Sa tuwing inaawit ang ating pambansang awit sa laban ni Pacman taas-noo akong nagpapasalamat sa Maykapal na ako’y kanyang nilikha na isang Pilipino. Marahil dahil inilagay ng Diyos sa kaila-ilaliman ng aking puso ang pagiging isang Pilipino. Kaya nga’t aking nakikita na ang laban ni Pacquiao ay laban ng Pilipinas. Ngunit paanong naging laban ng Pilipinas ang bawat laban ni Pacquiao? Sapagkat ang laban ni Manny ay laban para sa pagkakaisa ng ating bayan.

Ang laban ni Pacman ay laban para sa pagkakaisa ng bawat Pilipino. Ang mga Pilipino, di lang sa buong bansa, pati na rin ang mga Pilipinong naninirahan sa iba’t-ibang bahagi ng mundo, ay nagkakaisang manalangin para sa pagwawagi ng ating bayaning boksingero. Mayaman man o dukha, taga-lungsod man o taga-baryo, bata o matanda, babae man o lalaki, lahat ay nagnanais ng tagumpay ni Pacquiao.

Matapos ang laban ni Pacquiao, aking napanuod sa telebisyon na ang ating militar ay inanyayahang makinood sa kanilang kampo ang mga rebeldeng Muslim sa Mindanao. Ang dalawang grupo ay masayang nanood ng laban ni Pacman na magkasama at may pagkakaisa. Isang napakagandang tanawin! Tunay nga na tama si Haring David nang kanyang sabihin na, *“Masdan ninyo, na pagkabuti at pagkaligaya sa mga magkakapatid na magsitahang magkakasama sa pagkakaisa!”* (Awit 133:1 TAB).

Nais ng Lumikha sa atin na tayo ay mamuhay na may pagkakaisa. Kaya nga’t sinabi ni Hesus sa Mateo 18:20 FSV na *“... kung saan may dalawa o tatlong nagpupulong sa aking pangalan, naroon ako sa gitna nila.”* Ito ay isang napakagandang pangako para sa mga taong nagkakaisa.

Hindi kinakailangang bawat isa sa atin ay maging kampeyon ng boksing upang maging bahagi ng pagkakaisa ng ating bayan. Bawat isa sa atin ay may kakayanan na pagkaisahin ang ating komunidad. Ito ay ating magagawa sa pamamagitan ng mga sumusunod na gawain:

1. Maging magalang at marespeto sa kapwa. Sinabi ng Biblia, *“Maging mapagmahal sa isa’t isa bilang tunay na magkakapatid, at pahalagahan ninyo ang inyong kapwa nang higit sa pagpapahalaga nila sa inyong sarili”* (Taga-Roma 12:10 FSV). Kung ang bawat isa ay may galang at respeto sa kapwa ang pagkakaisa ay mararamdaman. Ngunit bago ito mangyari, kinakailangang mayroong magsimula nito. At ito ay maaari mo at maari kong pasimulan.
2. Magpakumbaba. Ang payo ni Apostol Pablo sa mga taga Roma, *“Magkaisa kayo sa pag-iisip. Huwag kayong magmataas, sa halip makisama kayo sa mga dukha. Huwag ninyong ipalagay na napakagaling ninyo”* (Taga-Roma 12:16-17a FSV). Kung isasapamuhay natin ang payong ito, ang payabangan at pamamatigasan na naghihiwalay sa ating mga Pilipino ay maiiwasan.
3. Huwag maging bahagi sa pagkakalat ng tsismis. Galit ang Diyos sa mga tismoso at tsismosa. Sabi ng Biblia sa Kawikaan 16:28 TAB *“Ang magdarayang tao ay nagkakalat ng pagtatalo: at ang mapaghatid-dumapit ay naghihiwalay ng magkakaibigang matalik”*. Ang tsismis ay lumilikha ng malalim na sugat at pagkawatakwatak. Ito ay iwasan upang manatili ang pagkakaisa.

Ating ituloy ang laban ni Pacquiao, sapagkat ito ay laban ng Pilipinas!

**Pagbulay-bulayan at Gawin**

1. Ako ba ay instrumento ng pagkakaisa sa aking komunidad o instrumento ng pagkawalay?
2. Mayroon bang pagkakaisa sa aking komunidad?
3. Ano ang aking magagawa upang mapag-isa o mapanatili ang pagkakaisa ng aking komunidad?